

Tagalog

Hikayatin ang mga tao na pumunta sa iyong negosyo sa pamamagitan ng gameplay Kapag naging Sponsored Location, malawak na audience ng mga player ang maaabot mo. Makikita ng mga player ang negosyo mo sa mapa ng laro at magkakaroon sila ng masayang gameplay at makakatanggap sila ng mga reward para sa pagpunta sa negosyo mo.

Ang Makukuha Mo

Itampok ang negosyo mo bilang in-game na Sponsored Location

Sa tulong ng mga in-game na lokasyon, maipapaalam mo ang lokasyon ng negosyo mo at mahihikayat mo ang mga tao na pumunta, at magiging mas masayang pumunta sa negosyo mo.

Magbahagi ng mga promosyon in-game

Mag-upload ng mga espesyal na alok, magtampok ng mga bagong produkto, at mag-link sa website mo mula sa Sponsored Location mo - parang isang virtual billboard.

Mag-iskedyul ng mga mini-game

Mag-iskedyul ng mas maraming aktibidad sa laro sa lokasyon mo sa mga partikular na oras, kapag gusto mong magpapunta ng mas maraming player. Hindi kailangang mag-set up ng pisikal na event.

Analytics

Makakita ng aggregated metrics sa kung ano-ano ang ginawa ng mga player sa iyong in-game na lokasyon. Dahil mahalaga sa amin ang privacy ng aming mga player, aggregated metrics lang ang ibabahagi namin, at hindi kami magbibigay ng access sa impormasyon ng indibidwal na player.

Paano Ito Gumagana

1. Mag-apply sa Early Access Beta

Ilang minuto lang ang kailangan para mag-apply. Kung matatanggap ka, aabisuhan ka kapag live na ang programa para matapos ang pag-set up ng iyong Sponsored Location.

2. I-set up ang lokasyon mo para makita ito in-game

Kapag naaprubahan na, i-set up ang lokasyon mo sa Pokémon GO (at sa mas marami pang larong paparating!). Makikita at mapupuntahan ng mga player ang iyong Sponsored Location habang naglalaro sa totoong buhay.

3. I-optimize ang mga resulta mo

I-optimize ang iyong mga promosyon para mas maparami ang mga transaksyon, at magpapunta ng mas maraming tao sa mga oras na gusto mo—ikaw ang bahala kung gaano mo tututukan ang mga ito!

Mga Madalas Itanong

Ano ang pinagkaiba ng Niantic Sponsored Location Early Access Beta sa Niantic Local Business Recovery Initiative?

Ang programang Niantic Local Business Recovery ay paraan ng Niantic para makatulong sa komunidad sa pamamagitan ng paghikayat sa mga player na i-nominate ang mga paborito nilang maliit at lokal na negosyo para lumahok sa programang Sponsored Location nang libre sa loob ng isang taon. Ang mga kinakailangan para sa libre at nomination-based na inisyatibang ito ay naiiba sa mga kinakailangan para sa may bayad na programang Sponsored Location. Makakakita ng mas marami pang impormasyon tungkol sa Local Business Recovery dito.

Sino ang puwedeng mag-apply para sa Niantic Sponsored Location Early Access Beta?

Karaniwang puwedeng mag-apply ang mga negosyong may mga pisikal na lokasyon sa United States na nagpapapasok ng mga tao sa mismong store. Hanggang 30 lokasyon kada business entity ang puwede. Bukod pa rito, dapat matugunan ng mga Sponsored Location ang aming patakaran at mga alituntunin. Kung hindi mo natutugunan ang mga pamantayang ito pero interesado ka, makipag-ugnayan sa amin.

Puwede bang magkaroon ng maraming Niantic Sponsored Location ang isang negosyo?

Sa kasalukuyan, puwedeng magkaroon ng isang Niantic Sponsored Location ang isang negosyo para sa bawat pisikal na lokasyong pinapatakbo ng negosyo, hanggang 30 lokasyon (may babayarang subscription fees para sa bawat karagdagang lokasyon). Para sa mga negosyong may mas maraming lokasyon, makipag-ugnayan sa amin.

Ano ang pinagkaiba ng “standard na lokasyon” sa “premium na lokasyon”?

Sinusubukan ng isang premium na lokasyon na makapukaw ng higit na atensyon sa pamamagitan ng pagiging mas mahalaga sa visual at mechanical na aspeto ng isang player kumpara sa isang standard na lokasyon. Nag-iiba ang partikular na mechanics depende sa laro. Sa Pokémon GO, PokéStop ang standard na lokasyon at Gym ang premium na lokasyon.

Ano ang promosyon?

Sa tulong ng promosyon, makakapagtampok ang mga negosyo ng mga espesyal na promosyon, bagong produkto, o seasonal content bukod pa sa pangunahing paglalarawan at larawan ng in-game na lokasyon—ipagpalagay na dagdag itong virtual billboard space sa iyong in-game na lokasyon! Depende sa plan tier, puwedeng palitan ng mga negosyo ang kanilang promo campaign nang hanggang isa o dalawang beses sa loob ng isang buwan sa kalendaryo.

Sino ang makakakita at makakapag-interact sa aking Sponsored Location?

Sa kasalukuyan, makikita ng mga player ng mga laro ng Niantic na nasa halos 0.3 milya (~500 metro) ng pisikal na lokasyon ng negosyo ang iyong in-game na lokasyon. Mag-iiba ito base sa mechanics ng laro at mapa ng laro. Gayunpaman, ang mga player lang na nasa 40-50 metro ng Sponsored Location ang magkakaroon ng mga karanasan laro at mga reward mula rito, at ituturing bilang engaged visit sa laro.

Sa anong mga produkto ng Niantic ako puwedeng kumuha ng mga Sponsored Location para sa mga Small at Medium-sized na negosyo?

Mga lokasyon lang sa Pokémon GO ang iaalok ng Early Access Beta. Magdaragdag kami ng mas maraming laro sa Niantic Real World Platform (gaya ng Ingress, atbp.) sa programa sa hinaharap.